# BAGONG NORMAL: PAGTUTURO SA BIRTUWAL NA MUNDO

*ni:*
**JAYSON D. CASTILLO**
*Limay National High School*

Mabisa, makabago, at malikhain, iyan ang nararapat pagtuunan ng mga guro ngayong panahon ng pandemya kung saan ay nagkaroon ng mabilisang pagbabago sa kalakaran ng edukasyon, mula sa nakaugaliang pagtuturo sa loob ng silid-aralan tungo sa onlayn o birtuwal na moda.

Malaking hamon sa mga guro ngayong panahong ito kung paanong patuloy na maikikintal sa isipan ng bawat mag-aaral ang mga paksang itinuturo kahit na wala ang mga ito sa iisang lugar bagkus ay nasa kani-kanilang mga tahanan kung saan ay napakaraming maaaring makapukaw ng kanilang atensyon habang nasa kalagitnaan ng klase. Ayon sa mga manunulat ng Affordable Colleges (2022), ilan sa mga bagay na ito ay ang social media, pamilya, telebisyon at kung anoa no pa na maaaring makapagpababa sa antas ng kanilang pagkatuto.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Iminumungkahi na ang bawat guro ay makaisip ng mabisang mga diskarte upang magkaroon ng partisipasyon at pakikiisa ang bawat estudyante sa birtuwal na silid-aralan. Isa sa mga paraan ay ang pagkakaroon ng ilang minutong pakikisalamuha sa mga kaklase kung saan ay bibigyan sila ng pagkakataon na makamusta ang kani-kanilang mga kamag-aral bago simulant ang aralin sa naturang araw. Isa pa sa mabisang paraan ay ang pagkakaroon ng pag-uulat ng bawat grupo ng mga mag-aaral at paggamit ng mga aplikasyon tulad ng Discord kung saan ay maaari nilang mapagdiskusyunan ang kanilang iuulat kahit na hindi sila magkakasama, maaari din ang Zoom sa ganitong mga bagay (Edwards, 2021).

Habang ang mga Biswal tulad ng video at audio ay opsyonal lamang sa tradisyonal na pagtuturo, magiging mas mabisa ang mga ito sa onlayn na panuruan. Ang paglalagak ng

mga palarong onlayn tulad ng Kahoot ay magandang panimula sa pagtuturo. Mainam din kung ang mga video na gagamitin ay nasa malikhaing animasyon upang mas maging kasabik-sabik sa mga mag-aaral. Ayon kay Jandhyala (2017), mas mabilis na nakukuha ng mga mag-aaral ang paksang itinuturo kung mayroong Biswal kumpara sa simpleng mga sulatin lamang nasa anyong PDF o Powerpoint.

Sa birtuwal na mundo, hindi lamang ang asignaturang MAPEH ang nangangailangan ng talent ng mga mag-aaral. Isa sa mga nakikitang solusyon upang hindi mabagot ang mga mag-aaral habang nasa onlayn ay ang paghikayat sa kanila na ipakita ang kanilang talent habang itinuturo ang mga aralin sa kanila. Maaari silang paglaban-labanin sa paggawa ng mga malikhaing sulatin, tula, pagsasayaw, at pagsulat ng kanta tunbgkol sa paksang tinatalakay. Sa pamamagitan nito Ayon sa Ghezzi (2021), mas nalilinang ang kanilang pakikilahok sa mga talakayan kung napauunlad ang kanilang tiwala sa sarili. Mas napapalawak din ang kanilang kakayahan na makipagkaisa sa kanilang komunidad sa ganitong paraan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Marami ang balakid para sa mga guro na ang tanging nais ay maipamulat ang kahalagahan ng Kasaysayan sa mga mag-aaral lalo na ngayong panahon ng hindi pamilyar na moda ng edukasyon. Sa kabila nito, mananatiling matatag at pursigido ang bawat guro sa pagtuklas ng makabago, epektibo, at malikhaing kapamaraanan upang manatiling nagwawagi ang edukasyon sa kabila ng anumang pagsubok.

*Sanggunian:*

Affordable Colleges (2022). Managing Distractions as an Online Student. Nakuha noong ika-27 ng HUnyo 2022 sa www.affordablecollegesonline.com

Edwards, L. (2021). Ano ang Discord at Paano ito GUmagana? Nakuha noong ika-27 ng HUnyo 2022 sa www.techlearning.com

Jandhyala, D. (2017). 6 na Dahilan Kung Bakit ang Biswal Ang Pinakamabisang Paraan ng Pagkatuto sa e-learning. Nakuha noong ika-27 ng HUnyo sa www.elearningindustry.com

Ghezzi, P. (2021). Paano Makapagsasagawa ng Matagumpay na Paligsahan ng Talento. Nakuha noong ika-27 ng Hunyo 2022 sa www.ptotoday.com

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan